Hindi ko nakita ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na humawak sa [haligi ng] Tahanan [ni Allah],maliban sa dalawang Haligi ng Yamani

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa-siya ay nagsabi: ((Hindi ko nakita ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na humawak sa [haligi ng] Tahanan [ni Allah],maliban sa dalawang Haligi ng Yamani))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Hindi ginawa ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na hawakan ang apat na haligi ng Ka`bah,maliban sa Haliging itim at ang Haliging Yamani;Sa Tahanan [ni Allah] ay binubuo ng apat na haligi,At ang Haligi sa may bandang Silangan na nagtataglay ng dalawang kainaman:1;Dahil dito [matatagpuan] ang mga Haligi ni Propeta Ibrahim;2;Dahil dito matatagpuan ang Itim na Bato;At ang Haligi ng Yamani ay may isang kainaman lamang,ito ay dahil sa nasa [lugar] ng Haligi ni Propeta Ibrahim.At walang kinalaman ang Sham at ang Iraq sa mga bagay na ito,Dahil ang pagpapatayo sa dalawang ito ay nasa ilalim ng pagpapatayo ni Propeta Ibrahim,dahil inilabas niya rito ang itim na bato mula sa Ka`bah mula sa dalawang lugar na ito,Kung kaya`t ipinag-uutos ang paghawak sa itim na bato at ang paghalik dito,at gayundin ipinag-uutos ang paghawak sa Haligi ng Yamani,na hindi hinahalikan;At hindi ipinag-uutos sa dalawang haliging natira,ang paghawak at paghalik.At ang Batas ,ay itinalaga upang sundin,at hindi upang baguhin at gumawa ng makabago sa Relihiyon.At si Allah sa Kanyang Batas ay may Patakaran at lingid na kaalaman.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3026